PATAKARAN UKOL SA SUSPENSYON NG
SERBISYO NG TUBIG DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD

[California Health and Safety Code §§ 116900-116926]

Pinagtibay ng Resolusyon Blg. 851 ng Board of Trustees ng Distrito ng Konserbasyon ng Tubig ng Santa Ynez, Distrito ng Pagpapabuti Blg. 1 noong Marso 18, 2025.

1. **Paglalapat ng Patakaran.** Ang Patakarang ito ukol sa Suspensyon ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad ("Patakaran") ay pinagtibay ng Distrito ng Konserbasyon ng Tubig ng Santa Ynez, Distrito ng Pagpapabuti Blg. 1 ("Distrito") ng naaayon sa mga iniaatas ng California Water Shutoff Protection Act, California Health and Safety Code Seksyon 116900 et. seq. (ang "Act" o "Batas"), na maaaring amyendahan paminsan-minsan. Alinsunod sa Batas na ito, ang Patakarang ito ay para lamang sa mga account ng serbisyo ng tubig sa Distrito na ginagamit upang magbigay ng residensyal na serbisyo ng tubig, kasama ang mga account na Residensyal na Domestiko at Pangkanayunan/Limitadong Agrikultura na nagbibigay ng serbisyo sa mga tirahan na pang-isahang pamilya, tirahan na pangmaramihang pamilya, tirahang mobile, pabahay para sa mga magsasaka. Sa kabila ng mga naglilimitang probisyon ng Batas, iba't ibang bahagi ng Patakarang ito ang sinulat para sa lahat ng account ng Distrito bilang paraan ng pagtataguyod sa kahusayang pang-administratibo at pagkakantay-pantay sa lahat ng Customer ng Distrito.

2. **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan.** Para sa mga katanungan o tulong ukol sa mga bayarin sa tubig na inisyu ng Distrito, o mga opsyon para maiwasan ang suspensyon ng residensyal na serbisyo ng tubig, ang mga Customer ay maaaring makipag-ugnayan sa tauhan ng Distrito sa pamamagitan ng telepono sa (805) 688-6015 o sa pamamagitan ng email sa general@syrwd.org. Ang mga Customer ay maaari ring bumisita sa opisina ng Distrito nang personal sa 3622 Sagunto Street, Santa Ynez, California 93460 tuwing karaniwang oras na bukas ang tanggapan (maliban kung holiday), Lunes hanggang Biyernes, mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.

3. **Panahon ng Pagsingil at mga Multa sa Nahuling Pagbabayad.** Ang nga singil sa tubig na inisyu ng Distrito ay itinakda at maaaring bayaran sa Distrito sa o bago ang huling araw na bukas ang tanggapan ng buwan kung saan ang singil ay inisyu sa pamamagitan ng koreo at/o email. Ang mga singil na hindi nabayaran nang buo bago sumapit ng pagsasara ng tanggapan sa itinakdang petsa ng pagbabayad ay ituturing na Past Due. Sampung (10) araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng Past Due, sampung porsyentong (10%) multa sa pagkahuli ang tatasahin sa hindi pa nababayarang balanse sa account, at maaaring mag-isyu ang Distrito ng Past Due at Pending Shutoff Notice para sa nasabing account sa panahong tinukoy ng Distrito. Ang Distrito ay maaaring magbigay ng konsiderasyon sa mga kahilingan ng mga Customer na i-waive ang mga multa sa nahuling pagbabayad sa ilalim ng mga di-pangkaraniwang pangyayari, kung ang nakasulat na kahilingan ay naisagawa sa Distrito ay hindi hihigit sa dalawampung (20) araw ng kalendaryo pagkatapos ng petsa ng Past Due, at kung ang multa sa nahuling pagbabayad ay hindi nai-waive para sa humihiling na Customer sa loob ng huling labing-dalawang (12) buwan. Ang mga desisyon na hindi i-waive ang multa sa nahuling pagbabayad ay pinal at hindi sumasailalim sa mga probisyon sa pagsusuri at pag-apela sa Seksyon 6 sa ibaba. Hindi tatasahin ng Distrito ang multa sa nahuling pagbabayad sa balanse ng isang Past Due na dalawampung dolyar ($20.00) o mas mababa pa, kung saan ang anumang balanse na katumbas ng dalawampung dolyar o mas mababa pa ay malilipat at idadagdag sa account ng Customer sa susunod na panahon ng pagsingil.

4. **Suspensyon ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad.** Kung ang lahat o anumang bahagi ng singil sa serbisyo ng tubig ay Past Due nang animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa, ang Distrito ay maaaring suspindihin ang serbisyo ng tubig sa siniserbisyuhang address.

4.1 Nakasulat na Paunawa sa mga Customer at Okupante. Ang Distrito ay magbibigay ng paunawa sa koreo sa Customer na nasa talaan nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang suspensyon ng serbisyo ng tubig. Ang naturang nakasulat na paunawa ay maaaring ibigay nang maaga sa loob ng 60 araw ng panahon ng pagkadelinkwente at sa pamamagitan ng Past Due at Pending Shutoff Notice na inilalarawan sa Seksyon 3 sa itaas. Kung ang address ng Customer ay hindi ang address ng ari-arian kung saan ibinibigay ang serbisyo, na naka-address sa "mga Okupante," sa kondisyon na ang Distrito ay hindi mananagot sa pagpapadala ng paunawa sa address ng ari-arian na hindi tumatanggap ng padalang koreo galing sa U.S. Postal Service. Ang (mga) paunawa ay maglalaman ng:

(a) pangalan at address ng Customer na nasa talaan;

(b) halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop na multa;

(c) petsa kung kailan ang pagbabayad nang buo ay dapat na maisagawa upang maiwasan ang suspensyon ng serbisyo;

(d) proseso at deadline ng kung saan ang Customer ay maaaring humiling ng pagpapalawig ng panahon sa paraang nakasulat upang mabayaran ang halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop na multa, o humiling ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, pag-aayos ng amortisasyon, pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad, o pagbawas ng bayad sa ilalim ng Seksyon 4.4 o Seksyon 5 sa ibaba;

(e) proseso na kung saan ang Customer ay maaaring humiling ng pagsusuri o apela sa bayarin sa serbisyo ng tubig;

(f) impormasyon na ang mga residensyal na nangungupahan o okupante, kung hindi mismo ang Customer na nasa talaan, ay maaaring magkaroon ng karapatan na maging mga Customer ng Distrito na hindi kakailanganing magbayad ng anumang mga halagang Past Due sa account; at

(g) impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng Distrito.

4.2 Mga Residensyal na Nangungupahan o Okupante. Sa mga kaso na ang indibidwal na nakametrong residensyal na serbisyo ng tubig ay ibinibigay sa mga residensyal na okupante ng isang nakahiwalay na tirahang pang-isahang pamilya, istrukturang may maraming yunit, mobile home park, o permanenteng residensyal na istruktura sa isang labor camp gaya ng inilalarawan ng Health and Safety Code, at may kaalaman ang Distrito na ang may-ari, manedyer, o tagapagpalakad ng sinasabing (mga) tirahan ay ang Customer na nasa talaan sa halip na mga residensyal na okupante, susubukan ng Distrito na ipaalam sa residensyal na okupante ng nasabing (mga) tirahan sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa, nang hindi bababa sa sampung (10) araw ng kalendaryo bago ang suspensyon ng serbisyo ng tubig, na ang account ay Past Due at ang serbisyo ng tubig sa (mga) tirahan ay sumasailalim sa suspensyon. Ang nakasulat na paunawa ay ia-address sa "mga Okupante" at maaaring ibigay bilang Past Due at Pending Shutoff Notice na inilalarawan sa Seksyon 3 sa itaas. Ipapaalam ng paunawa sa mga residensyal na okupante na maaaring mayroon silang

karapatan na maging mga Customer ng Distrito na hindi kinakailangang bayaran ang anumang mga halagang Past Due sa mga delingkwenteng account. Ang mga karagdagang tuntunin at kondisyon para sa mga naturang okupante upang maging mga Customer ay nakasaad sa Seksyon 8 sa ibaba.

4.3 Mga Karagdagang Paunawa Bilang Paggalang Bago ang Suspensyon ng Serbisyo. Sa mga kaso kung saan ang singil sa serbisyo ng tubig ay nananatiling Past Due at ang nakasulat na paunawa ng posibleng suspensyon ng serbisyo dahil sa hindi pagbabayad ay ibinigay sa Customer alinsunod sa Patakarang ito, kung saan ang paunawa ay maaaring isama ang Past Due at Pending Shutoff Notice na inilalarawan sa Seksyon 3 sa itaas, ang Distrito ay maaaring, sa kanyang natatangi at ganap na diskresyon, subukang magbigay ng karagdagang paunawa bilang paggalang bago ang suspensyon ng serbisyo ng tubig sa siniserbisyuhang address, kung saan ang karagdagang paunawa bilang paggalang ay maaaring kabilangan ng manu-manong tawag sa telepono, awtomatikong tawag, tag sa pinto, o iba pang pamamaraan na itinakda ng Distrito.

4.4 Mga Espesyal na Medikal at Pinansyal na Kalagayan Kung Saan ang Residensyal na Serbisyo ng Tubig ay Hindi Sususpindihin.

(a) Hindi sususpindihin ng Distrito ang residesyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad kung ang lahat ng sumusunod na kondisyon ay matutugunan:

(i) ang Customer, o ang nangungupahan sa Customer, ay magsusumite sa Distrito ng sertipikasyon ng isang lisensyadong tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga, kung saan ang terminong ito ay inilalarawan sa Seksyon 14088(b)(1)(A) ng California Welfare and Institutions Code, na ang suspensyon ng residensyal na serbisyo ng tubig ay maaaring banta sa buhay, o magdulot ng malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang nakatira sa lugar kung saan ang residensyal na serbisyo ay ibinibigay; at

(ii) ang Customer ay nagpapakita sa Distrito sa pamamagitan ng dokumentasyon na siya ay walang kakayahang pinansyal upang mabayaran ang residensyal na serbisyo ng tubig sa loob ng karaniwang siklo ng pagsingil ng Distrito, kung saan ang Customer ay itinuturing na walang kakayahang pinansyal upang makapagbayad sa loob ng karaniwang siklo kung (a) ang sinumang miyembro ng sambahayan ng Customer ay kasalukuyang tagatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) ang Customer ay nagdeklara sa ilalim ng parusa ng perjury na ang taunang kinikita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan; at

(iii) ang Customer ay pumapayag na pumasok sa kasunduang pang-amortisasyon, alternatibong iskedyul ng pagbabayad, o plano sa pagpapaliban o pagbawas ng bayad, kaugnay ng lahat ng singil na Past Due, kasama ang mga nalalapat na multa, na napapailalim sa mga tuntunin na katanggap-tanggap sa Distrito.

(b) Ang sinumang Customer na ninanais na iwasan ang suspensyon ng serbisyo sa ilalim ng Seksyon 4.4 na ito ay magiging responsable sa pakikipag-ugnayan sa Distrito upang mapatunayan ang lahat ng kondisyon at ibigay ang dokumentasyon na nakasaad sa Seksyon 4.4(a) sa itaas, na kailangang kumpletuhin kaagad hangga't maaari pagkatapos matanggap ang Past Due at Pending Shutoff Notice, ngunit hindi lalampas ng labinlimang (15) araw pagkatapos matanggap ang Paunawa.

(c) Kung ang lahat ng mga kondisyon na itinakda sa Seksyon 4.4.(a)-(b) ay natugunan ng Customer, ang Distrito ay maaaring, sa kanyang natatangi at ganap na diskresyon, mag-alok sa Customer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na opsyon ng pagbabayad, na higit pang inilalarawan sa mga Seksyon 5.2 hanggang 5.5 sa ibaba:

(i) partisipasyon sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad;

(ii) amortisasyon ng balanseng hindi pa nababayaran;

(iii) pansamantalang pagpapaliban o deferral ng pagbabayad; o

(iv) bahagyang pagbabawas ng balanseng hindi pa nababayaran, sa kondisyon ng walang karagdagang multa sa iba pang mga tagapagbayad dahil sa pagbabawas na ito.

(d) Ang mga tuntunin, kondisyon, at anumang iba pang sukatan ng (mga) opsyon ng pagbabayad na inaalok ng Distrito sa isang Customer alinsunod sa Seksyon 4.4 na ito ay itatakda ng Distrito sa natatangi at ganap na diskresyon nito.

(e) Ang opsyon ng pagbabayad at mga tuntunin na ibinigay ng Distrito ay magreresulta sa pagbabayad ng Customer ng lahat ng halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop na multa, sa Distrito sa loob ng labindalawang (12) buwan, ngunit sa kondisyon na, maaaring magtakda ng mas mahabang panahon upang isaalang-alang ang mga di-pangkaraniwang kalagayan.

(f) Sa kabila ng mga probisyon sa mga Seksyon 4.4(a)-(e) sa itaas, ang Distrito ay maaaring magsuspindi ng residensyal na serbisyo ng tubig sa isang Customer kung saan: (i) sa animnapung (60) araw ng kalendaryo o higit pa na ang Customer ay hindi nakasunod sa tuntunin ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kasunduang pang-amortisasyon, o pagpapaliban o plano ng pagbawas ng bayad na ibinigay ng Distrito, ang Customer ay nabigong bayaran ang kanyang kasalukuyang mga singil sa residensyal na serbisyo sa loob ng animnapung (60) araw ng kalendaryo o mas higit pa. Sa mga naturang kaso, ang Distrito ay magpapaskil ng pinal na paunawa ng layon na suspindihin ang residensyal na serbisyo ng tubig sa isang prominente at hayag na lokasyon ng ari-arian nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo bago ang suspensyon ng serbisyo. Ang anumang pinal na paunawa o suspensyon ng serbisyo sa ilalim Seksyon 4.4(f) na ito ang hindi kinakailangang magbigay ng impormasyon na naibigay na sa Customer sa ilalim ng Seksyon 4.1 sa itaas, at hindi sasailalim sa mga probisyon ng pagsusuri o apela ng Seksyon 6 sa ibaba.

(g) Ang mga desisyon ng Distrito sa ilalim ng mga probisyon ng Seksyon 4.4 na ito ay ibibigay sa at gagawin ng General Manager ng Distrito at/o ng kanyang itinalaga.

5. **Mga Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad at mga Kaugnay na Pamamaraan.**

5.1 Mga Pamamaraan para Humiling ang mga Customer ng mga Opsyon sa Plano ng Pagbabayad. Hiwalay at naiiba sa alternatibong kasunduan sa pagbabayad na maaaring ialok ng Distrito sa Customer alinsunod sa mga probisyon at kondisyon ng Seksyon 4.4 sa itaas, ang Distrito ay maaaring, sa natatangi at ganap na diskresyon nito, at bilang tugon sa nakasulat na kahilingan na isinumite ng Customer sa Distrito alinsunod sa Patakarang ito, mag-alok ng isa or higit pa ng mga sumusunod na opsyon ng pagbabayad sa isang Customer, batay sa emerhensya o iba pang di-pangkaraniwang kaganapan, kung saan ang Customer ay hindi makapagbayad ng halagang Past Due nang buo, kabilang ang mga naaangkop na multa, bago lumampas ng takdang petsa ng pagbabayad: (i) partisipasyon sa alternatibog iskedyul ng pagbabayad; (ii) amortisasyon ng balanse na hindi pa nababayaran; (iii) pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad; o (iv) bahagyang pagbawas ng balanseng hindi pa nababayaran, sa kondisyon na walang pagbabawas ang magreresulta sa mga karagdagang singil sa iba pang mga tagapagbayad.

(a) Ang sinumang Customer na sumasailalim sa Past Due at Pending Shutoff Notice ay maaaring magsumite ng nakasulat na kahilingan sa Distrito upang bayaran ang buong halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop na multa, sa pamamagitan ng alternatibong opsyon ng pagbabayad. Ang nakasulat na kahilingan ng Customer ay kailangang isumite sa Distrito sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo mula sa araw na natanggap ang Past Due at Pending Shutoff Notice. Ang mga kahilingan na hindi nasumite sa loob ng 10 araw na panahon ay ituturing na wala sa tamang panahon at hindi na tatanggapin, susuriin, o pagpapasyahan ng Distrito. Para sa mga layunin ng Seksyon 5.1(a) na ito, ang nakasulat na kahilingan ng Customer para sa alternatibong opsyon ng pagbabayad ay ituturing na naisumite ng Customer sa petsa ng tatak ng koreo kung ito ay ipinadala sa pamamagitan ng koreo, at sa petsa ng pagpapadala kung ipinadala sa pamamagitan ng email o personal na paghahatid sa opisina ng Distrito sa panahon ng karaniwang oras na bukas ang tanggapan. Walang pagkakataon na ang kahilingan ng Customer para sa alternatibong opsyon ng pagbabayad sa ilalim ng mga probisyon ng Seksyon 5.2 hanggang 5.5 sa ibaba na mag-aatas sa Distrito ay mag-alok o mag-apruba ng alternatibong opsyon ng pagbabayad sa Customer.

(b) Ang mga tuntunin, kondisyon, at anumang iba pang sukatan ng (mga) alternatibong opsyon ng pagbabayad na inalok ng Distrito sa isang Customer alinsunod sa Seksyon 5.1 na ito ay itatakda ng Distrito sa kanyang natatangi at ganap na diskresyon.

(c) Sa abot na ang opsyon ng pagbabayad ay inaalok ng Distrito, ang mga tuntunin ng opsyon ay magreresulta sa pagbabayad ng Customer ng buong halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop na multa, sa Distrito sa loob ng panahon na hanggang labindalawang (12) buwan, ngunit sa kondisyon na, karaniwang mas maikling panahon ay maaaring maitakda ng Distrito.

(d) Sa mga kaso kung saan sumang-ayon ang Customer sa alternatibong opsyon sa pagbabayad sa ilalim ng Seksyon 5 na ito, maaaring suspindihin ng Distrito ang serbisyo ng tubig sa Customer kung saan: (i) ang Customer ay hindi nakasunod sa tuntunin ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kasunduang pang-amortisasyon, o pagpapaliban o plano ng pagbawas ng pagbabayad na ibinigay ng Distrito, o (ii) habang nasa alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kasunduang pang-amortisasyon, o pagpapaliban o plano ng pagbawas ng pagbabayad na ibinigay ng Distrito, ang Customer ay nabigong bayaran ang kanyang mga kasalukuyang singil sa serbisyo sa loob ng tatlumpung (30) araw ng kalendaryo o mas higit pa. Sa mga naturang kaso, ang Distrito ay magpapaskil ng pinal na paunawa ng layon na suspindihin ang serbisyo ng tubig sa isang prominente at hayag na lokasyon ng ari-arian nang hindi bababa sa limang (5) araw na bukas ang tanggapan bago ang suspensyon ng serbisyo. Ang anumang pinal na paunawa o suspensyon ng serbisyo sa ilalim ng Seksyon 5.1(d) na ito ay hindi na kinakailangang ibigay ang impormasyon na naibigay na sa Customer sa ilalim ng Seksyon 4.1 sa itaas, at hindi sasailalim sa mga probisyon ng pagsusuri o apela ng Seksyon 6 sa ibaba.

(e) Ang mga desisyon ng Distrito sa ilalim ng mga probisyon ng Seksyon 5.1, at mga Seksyong 5.2 hanggang 5.5. sa ibaba, ay ibibigay sa at gagawin ng General Manager ng Distrito at/o ng kanyang itinalaga.

5.2 Alternatibong Iskedyul ng Pagbabayad. Kung maaaprubahan ng Distrito sa ilalim ng Seksyon 4.4 o 5.1 sa itaas, ang pagbabayad ng Customer ng halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop multa, ay maaaring bayaran alinsunod sa alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay maaaring magbigay ng pana-panahong lump-sum na pagbabayad na hindi sasabay sa or maaaring mas madalas o minsanan kaysa sa petsa ng pagbabayad na itinakda ng Distrito para sa mga regular na buwanang bayarin. Kakailanganin ng Customer na bayaran ang buong halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop na multa, nang buo sa takdang petsa ng pagbabayad na itinakda ng Distrito at kailangang manatiling napapanahon sa lahat ng halaga ng serbisyo ng tubig at mga singil na maiipon sa panahon ng anuman at lahat ng panahon ng singil kasunod ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad na ibinigay ng Distrito. Ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad ay itatakda sa paraang nakasulat at lalagdaan ng Customer. Bilang pangkalahatang tuntunin, habang napapailalim sa mga tuntunin ng isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad, ang Customer ay hindi maaaring humiling ng hiwalay na alternatibong iskedyul ng pagbabayad, amortisasyon, pansamantalang pagpapaliban o plano ng pagbawas ng pagbabayad para sa hiwalay na halagang Past Due.

5.3 Amortisasyon. Kung maaaprubahan ng Distrito sa ilalim ng Seksyon 4.4 o 5.1 sa itaas, ang pagbabayad ng Customer ng halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop na multa, ay maaaring maamortisa sa isang tinukoy na panahon. Kung ang amortisasyon ay maaaprubahan, ang halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop na multa, ay hahatiin nang pantay-pantay ayon sa bilang ng buwan sa panahon ng amortisasyon, at ang karagdagang halaga na iyon ay nakatakdang bayaran kasama ang mga regular na buwanang bayarin ng Customer. Kakailanganing bayaran ng Customer ang buong halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop na multa, nang buo bago lumampas ng takdang petsa ng pagbabayad na itinakda ng Distrito at kailangang manatiling napapanahon sa lahat ng halaga ng serbisyo ng tubig at mga singil na maiipon sa panahon ng anuman at lahat ng panahon ng singil kasunod sa iskedyul ng amortisasyon na ibinigay ng Distrito. Ang iskedyul

ng amortisasyon ay itatakda sa paraang nakasulat at lalagdaan ng Customer. Bilang pangkalahatang tuntunin, habang napapailalim sa mga tuntunin ng iskedyul ng amortisasyon, ang Customer ay hindi maaaring humiling ng hiwalay na alternatibong iskedyul ng pagbabayad, amortisasyon, pansamantalang pagpapaliban o plano ng pagbawas ng pagbabayad para sa hiwalay na halagang Past Due.

5.4 Pansamantalang Pagpapaliban sa Pagbabayad. Kung maaaprubahan ng Distrito sa ilalim ng Seksyon 4.4 o 5.1 sa itaas, ang pagbabayad ng Customer ng halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop na multa, ay maaaring pansamantalang ipagpaliban sa panahon na hindi hihigit sa anim (6) na buwan pagkatapos ng orihinal na dapat bayaran ang halaga. Kakailanganing bayaran ng Customer ang buong halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop na multa, nang buo bago lumampas ng takdang petsa ng pagbabayad na itinakda ng Distrito at kailangang manatiling napapanahon sa lahat ng halaga ng serbisyo ng tubig at mga singil na naipon sa panahon ng anuman at lahat ng panahon ng singil kasunod ng plano ng ipinagpaliban na pagbabayad na ibinigay ng Distrito. Ang plano ng ipinagpaliban na pagbabayad ay itatakda sa paraang nakasulat at lalagdaan ng Customer. Bilang pangkalahatang tuntunin, habang napapailalim sa mga tuntunin ng pansamantalang plano ng ipinagpaliban na pagbabayad, ang Customer ay hindi maaaring humiling ng hiwalay na alternatibong iskedyul ng pagbabayad, amortisasyon, pansamantalang pagpapaliban o plano ng pagbawas ng pagbabayad para sa hiwalay na halagang Past Due.

5.5 Pagbawas sa Pagbabayad. Sa ilalim ng malubha o pang-emerhensyang kalagayan, ang isang Customer ay maaaring humiling ng bahagyang pagbawas sa halagang Past Due, kabilang ang mga naaangkop na multa; ngunit sa kondisyon na ang bahagyang pagbawas na sobra ng dalawangpu't limang porsyento (25%) ng hindi pa nababayarang halaga ay nangangailangan ng pag-apruba ng Board of Trustees, at sa kondisyon na alinsunod sa Batas ay walang naturang pagbawas ang aaprubahan sa abot na maaaring magresulta ang mga ito sa mga karagdagang singil sa ibang nagbabayad ng singil. Ang anumang pagbawas sa pagbayad ay itatakda nang nakasulat at lalagdaan ng Customer.

6. Mga Pamamaraan ng Paghiling ng Pagsusuri o Apela sa isang Bayarin para sa Serbisyo ng Tubig.

6.1 Deadline para sa Paghiling ng Pagsusuri ng Bayarin. Ang Customer ay maaaring humiling ng pagsusuri ng bayarin para sa serbisyo ng tubig sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na kahilingan sa Distrito sa loob ng sampung (10) araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng Customer ng bayarin. Ang mga pagsusuri sa bayarin sa ilalim ng Patakarang ito ay hindi isasama ang anumang pagsusuri o paghamon patungkol sa mga halaga ng paggamit ng tubig o sa iba pang mga singil ayon sa pinagtibay ng Board of Trustees sa ilalim ng hiwalay na mga naaangkop na batas at pamamaraan. Para sa mga layunin ng Seksyon 6.1 na ito, ang bayarin ay itinuturing na natanggap na ng Customer sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo pagkatapos na maisyu ng Distrito, at ang nakasulat na kahilingan ng Customer para masuri ay ituturing na naisumite ng Customersa petsang tinatakan ng koreo kung ipinadala sa pamamagitan ng koreo, at sa petsa ng pagpapadala kung ipinadala sa pamamagitan ng email o personal na paghahatid sa opisina ng Distrito sa panahon ng karaniwang oras na bukas ang tanggapan.

6.2 Pagsusuri ng Distrito. Isang napapanahong nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri ng bayarin para sa serbisyo ng tubig ang susuriin at pagpapasyahan ng General Manager ng Distrito, na magbibigay ng nakasulat na abiso ng pagpapasiya sa Customer.

6.3 Apela sa Board of Trustees. Ang sinumang Customer na magsusumite napapanahong nakasulat na kahilingan para masuri ang bayarin alinsunod sa Seksyon 6.1 sa

itaas ay maaaring iapela ang pagpapasyang ginawa ng Distrito sa ilalim ng Seksyon 6.2 sa itaas sa Board of Trustees ng Distrito sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na paunawa ng apela sa Distrito, kung saan ang nakasulat na apela ay kinakailangang matanggap ng Distrito sa loob ng labing-limang (15) araw ng kalendaryo mula sa araw ng pagkakatanggap ng Customer ng pagpapasiya ng Distrito sa ilalim ng Seksyon 6.2. Para sa mga layunin ng Seksyon 6.3 na ito, ang pagpapasiya ng Distrito ay ituturing na natanggap na ng Customer sa loob ng limang (5) araw ng kalendaryo pagkatapos na maisyu ng Distrito, at ang nakasulat na paunawa ng apela ng Customer ay ituturing na naisumite na ng Customer sa petsa ng tatak ng koreo kung ito ay ipinadala sa pamamagitan ng koreo, at sa petsa ng pagpapadala kung ito ay ipinadala gamit ang email o personal na paghahatid sa opisina ng Distrito sa panahon ng karaniwang oras na bukas ang tanggapan. Sa pagtanggap ng paunawa ng apela, ang Distrito ay mag-iiskedyul upang dinggin ang pakay ng Board of Trustees sa nalalapit na pagpupulong ng Board. Ang nakasulat na paunawa ng petsa, oras at lugar ng apela na ididinig ng Board ay ibibigay sa nag-aapelang Customer. Ang desisyon ng Board ay magiging pinal.

6.4 Nakabinbin na Apela sa Serbisyo ng Tubig. Sakaling ang Customer ay nagsumite ng napapanahong nakasulat na apelang may kinalaman sa bayarin sa tubig na ididinig ng Board of Trustees, hindi sususpindihin ng Distrito ang serbisyo ng tubig sa Customer habang nakabinbin ang apela.

7. Mga Espesipikong Programa para sa Customer na Mababa ang Kita.

7.1 Mga Limitasyon ng Bayad sa Muling Pagkonekta at Waiver ng Interes. Para sa mga Customer na tumatanggap ng residensyal na serbisyo ng tubig at makakapagpakita sa Distrito, sa pamamagitan ng mabeberipikang dokumentasyon na inilalarawan sa Seksyon 7.2 sa ibaba, ng kita ng sambahayan na mas mababa sa 200 na porsyento ng pederal na antas ng kahirapan, ang Distrito ay:

(a) Lilimitahan ang anumang bayad sa serbisyo ng muling pagkonekta sa aktwal na mga gastos sa muling pagkonekta, na hindi hihigit sa limampung dolyar ($50) sa panahon ng karaniwang oras ng operasyon at isang daan at limampung dolyar ($150) sa labas ng panahon ng karaniwang oras ng operasyon. Ang mga limitasyong ito ay napapailalim sa isang taunang pagsasaayos para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index for All Urban Consumers (CPI-U) ng Bureau of Labor Statistics simula Enero 1, 2021; at

(b) Iwe-waive ang mga singil na interes sa mga delingkwenteng bayarin isang beses kada 12 buwan para sa mga bagay na ipinahatid sa ahensya ng koleksyon.

7.2 Mga Kwalipikasyon. Para sa mga layunin ng Seksyon 7.1 sa itaas, ituturing ng Distrito ang Customer na tumatanggap ng residensyal na serbisyo ng tubig na mayroong kita na mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan kung (a) ang sinumang miyembro ng sambahayan ng Customer ay kasalukuyang tagatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) ang Customer ay nagdeklara sa ilalim ng parusa ng perjury na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan..

8. Mga Pamamaraan para Maging mga Customer ng Distrito ang mga Okupante o Nangungupahan para sa mga Layunin ng Pagtanggap ng Residensyal na Serbisyo ng Tubig.

8.1 Pagkakaangkop. Ang Seksyon 8 na ito ay nalalapat lamang kung ang may-ari ng ari-arian, nagpapaupa, manedyer, o tagapagpatupad ng isang residensyal na serbisyo ay nakalista bilang Customer na nasa talaan sa halip na mga aktwal na nangungupahan o okupante ng (mga) tirahan na tumatanggap ng serbisyo ng tubig, at ang serbisyo ay sumasailalim sa suspensyon dahil sa hindi pagbabayad.

8.2 Kasunduan sa mga Tuntunin at Kondisyon ng Serbisyo ng Distrito. Maaaring gawing available ng Distrito ang residensyal na serbisyo ng tubig sa mga aktwal na nangungupahan o okupante ng siniserbisyuhang address kung ang isa o higit pa na nangungupahan o okupante ay pumapayag na akuin ang pinansyal na responsibilidad para sa mga susunod na singil sa account at pumapayag sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo ng tubig ayon sa mga kinakailangan ng mga Tuntunin at Regulasyon ng Distrito. Sa mga kaso na mayroong mas higit sa isang residensyal na address o residensyal na yunit ang ginagamitan ng iisa o pangunahing metro, ang Distrito ay maaaring gawing available ang serbisyo ng tubig sa magkakahiwalay na (mga) tirahan kung isa o higit pang mga nangungupahan o okupante na ginagamitan ng metro ay pumapayag na akuin ang pinansyal na responsibilidad para sa mga susunod na singil sa account at pumapayag sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo ng tubig ayon sa mga kinakailangan ng mga Tuntunin at Regulasyon ng Distrito; ngunit sa kondisyon din na kung ang pisikal at legal na pamamaraan ay magagamit ng Distrito upang makapili na suspindihin ang residensyal na serbisyo ng tubig sa mga nangungupahan o okupante na hindi pumapapayag na akuin ang pinansyal na responsibilidad para sa mga susunod na singil sa account o sa mga hindi makakatugon sa mga naaangkop na kinakailangan, maaaring gawing available ng Distrito ang serbisyo sa mga nangungupahan o okupante na pumapayag na akuin ang pinansyal na responsibilidad para sa mga susunod na singil sa magkahiwalay na (mga) account nang naaayon sa mga Tuntunin at Regulasyon ng Distrito.

8.3 Beripikasyon ng Pag-okupa o Pangungupahan. Upang maging karapat-dapat na maging na isang Customer ng Distrito nang hindi binabayaran ang halagang Past Due sa isang delinkwenteng account, ang (mga) nangungupahan o (mga) okupante na naghahangad na maging bagong Customer ay nararapat na maberipika na ang kasalukuyang Customer na nasa talaan para sa delinkwenteng account ay ang kasalukuyan o dating may-ari, nagpapaupa, manedyer, o tagapagpatakbo ng (mga) residensyal na tirahan. Sa diskresyon ng Distrito, ang mga dokumentong pamberipikasyon ay maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa, kasunduan sa pag-upa o pagrenta, mga resibo sa pagrenta, isang dokumento galing sa ahensya ng gobyerno na nagsasabi na ang (mga) nangungupahan o (mga) okupante ay nagrerenta sa ari-arian, o iba pang ebidensyang sapat para sa Distrito hinggil sa relasyon ng pag-upa o pag-okupa sa Customer na nasa talaan para sa delingkwenteng account.

9. **Patakaran para sa Wika at mga Tiyak na Nakasulat na Paunawa.** Ang Patakarang ito at ang mga nakasulat na paunawa na kailangan dito ay gagawing available sa Ingles, Español, Tsino, Tagalog, Vietnamese, Koreano, at anumang iba pang mga wika na sinasalita ng sampung porsyento (10%) o higit pa ng mga Customer sa loob ng lugar ng serbisyo ng Distrito.

10. **Iba pang mga Remedyo.** Bukod sa suspensyon ng serbisyo ng tubig, ang Distrito ay maaaring pursigihin ang anuman o lahat ng iba pang mga remedyo na magagamit na nasa batas o ekidad para sa hindi pagbabayad ng mga singil sa tubig, mga singil sa serbisyo, at mga naaangkop na multa, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pag-file ng claim o legal na aksyon, o pagpapadala sa halagang hindi pa nababayaran sa ahensya ng koleksyon. Sakaling

ang isang claim o legal na aksyon ay mapagpasiyahan na pabor sa Distrito, ang Distrito ay may karapatan sa pagbabayad ng lahat ng gastos, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga bayad at gastos sa abogado, bayad at gastos sa mga kasangguni at mga naipong interes.

11. **Suspensyon ng Serbisyo sa Tubig para sa Iba Pang mga Paglabag ng Customer.** Pinananatili ng Distrito ang karapatan na suspindihin ang serbisyo ng tubig sa anuman o lahat ng paglabag maliban sa hindi pagbabayad gaya ng nakasaad sa Patakarang ito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga paglabag sa mga ordinansa, patakaran, mga Tuntunin at Regulasyon ng Distrito, o iba pang mga naaangkop na pederal, pang-estado o lokal na batas.

12. **Mga Bayad at Singil na Naipon.** Maliban na lang kung nakasaad sa Patakarang ito, ang anumang mga presyo, bayad, singil, multa o iba pang mga pananagutan na naipon ng isang Customer at dapat bayaran sa Distrito sa ilalim ng anumang mga ordinansa patakaran, mga Tuntunin at Regulasyon ng Distrito, o iba pang mga naaangkop na pederal, pang-estado o lokal na batas ay mananatiling nakatakda at dapat bayaran katulad ng nakasaad dito.

13. **Mga Desisyon ng Tauhan ng Distrito.** Ang anumang desisyon na maaaring gawin ng General Manager ng Distrito sa ilalim ng Patakarang ito ay maaaring gawin ng kanyang itinalaga.